

Fukushima International Association

Fukushima NOW

Vo. 1 (Published in August 2016)

Sa Fukushima International Association magbuhat ng maganap ang malakas na lindol at ang aksidenteng sa Daiichi Tokyo Nuclear Power Plant hanggang ngayong taon, buwan ng Marso sa limang taong nakalipas ang pampublikong magasin Gyro ay naglunsad ng magasin para sa pagbawi 「Magka-isa Fukushima」 na nairprinta sa iba't ibang wika na umabot hanggang ika dalawampu't limang beses. Na ang nilalaman ay tungkol sa pagbabawi, panunumbalik at ang mga aktibidadis na isinasagawa ng Fukushima International Association at ibang mga organisasyon upang ipahayag sa lahat sa loob at labas ng bansa. At ipinaaabot namin ang aming malaking pasasalamat sa pagsubaybay at pagtangkilik sa 「Magka-isa Fukushima」.

Sa pagpapatuloy ang wasto at kasalukuyang impormasyon ng prepektura ng Fukushima, magbuhat ngayon ay 「Fukushima NOW」 (Fukushima Ngayon) ang magpapahayag ng kasalukuyang kalagayan ng Fukushima at ng tinig ng mga dayuhang naninirahang sa loob ng prepektura ng Fukushima bilang sentrong laman ng magasin..

Voices from Fukushima

Mrs. Tatsuho Sai (Tsina • kasalukuyang nakatira sa lunsod ng Fukushima)



Unang pagbisita ko sa bansang Hapon ay taong 1999, pagkatapos noon ay pabalik balik akong namuhay mula Tsina at Hapon. Umpisa noong nakaraang taon ng taglagas ay inumpisahan ko ng muli ang pamumuhay dito sa Fukushima, at ang dalawa kung anak ay nag-aaral sa mababang paaralan ng Fukushima at junior high school. Noong umpisa ay nag-alala ako kung masasanay

ba sila sa kanilang pagpasok sa eskuwelahan, ngunit dahil sa metikulosong pag-suporta ng mga nakapaligid sa kanila ay masaya silang pumapasok sa eskuwelahan. Kung iisipin ang kapakanan ng mga bata para sa hinaharap ay hanggang high school mas gusto kong sa bansang Hapon sila pag-aralin at para matupad ito ay kailangang bigyan ng prioridad ang pagsasaulo ng wikang Hapon.

Ngayong taon ng Hunyo, ay nag-lunsad ng 「multi-language kids camp」 para sa mga kabataang may dugong banyaga kasama ang kanilang mga magulang at sumali din kaming mag-iina.



▲ Ang sumali sa 「Multi-Language Kids Camp」

Simula hanggang katapusan ay kitang-kita ko ang kasayahan sa mukha ng aking mga anak. Ako kasama na ang mga nag-organisa pati na ang mga magulang na sumali din ay maraming napag-alaman tungkol sa pamumuhay ng mga anak sa eskuwelahan at sa kurso. At napag-alaman ko din ang kaimportantihan ng pakikisalamuha sa aking kababayan at iba pang mga dayuhan na naninirahan dito. Kahit saang lugar ka-man nakatira ang natural na kalimidad ay darating ng hindi inaasahang araw at panahon. Kung sakaling magkaroon man ng sakuna ay huwag mabalisa bagkus ay huwag masiraan ng loob at iyan ay palagi kong isinasaisip.

Pahmi Ismail (galing Indonesia • kasalukuyang nakatira sa lunsod ng Fukushima)

Noong summer taong 2014 bilang technician intern ay nanirahan sa Fukushima. Halos wala akong alam na salitang Hapon, kaya ang tungkol sa malakas na lindol nanaganap at ang pag-sabog ng planta ng nukleyar ay wala din akong kaalam—alam, kaya ng araw na naganap ang sakuna ay alalang-alala ang kababayan kung naninirahan sa Tsiba at hinanapan niya ako ng mapapasukan kong lugar para mag-aral ng wikang Hapon. Halos araw-araw akong pumasok para matuto, at dahil dito ay hindi na ako nahirapan sa pakikipag-usap, nadadagan din ang kaalaman ko tungkol sa mga natural sa kalamidad tulad ng lindol, bagyo at kapanahunan. At saka doon sa pinapasukan kung klase para sa wikang Hapon ay maraming mga pumupunta galing sa iba't ibang bansa para mag-aral, upang ipakilala ang kultura at kaugalian ng aking bansa nag-research ako ng tungkol dito at marami akong natutunang makabago tungkol sa aking bayan.

Ang prepektura ng Fukushima ay mayroong grupo para sa mga Indonesian na may pangalan na 「Komunitas Fukushima Indonesia」 at ngayong taon ako ang napiling puno ng samahan.

Ang mga miyembro ay nagtitipon at nag-sasagawa ng pagsasalo-salo, tiitipunin ang mga miyembro at namamasyal sa ibang prepektura at sumasali sa mga ibento na ginaganap sa sariling lugar. Ang FIA at ang grupo naming ay magkatulong na nag-lunsad ng pag-aaral tungkol sa paghihiwa-hiwalay ng mga basura at napakalaki ng naitutulong nito sa akin ngayon.

Para mapalawak ko ang kaalaman sa pamumuhay dito sa Hapon, ang pagiging aktibo sa pagsali sa iba't-ibang mga aktibidadis ay napag-alaman ko na malaki ang naitulong.

Kaya magbuhat ngayon ay mas gusto kong mag-trabaho na may koneksyon at makatulong para sa hinaharap ng magandang samahan ng bansang Hapon at Indonesia.



▲ Mga kuha sa silid-aralan para sa wikang Hapon

Scenes of Fukushima

Estudyante ng India para sa pagsisiyasat ng lunsod ng Iwaki

Mula taon ng 2005 hanggang 2007 na nag trabaho bilang assistant language teacher sa lunsod ng Iwaki si Thia Kansala, para malaman ang kasalukuyang kalagayan ng lunsod ng Iwaki matapos maganap ang sakuna kasama ang 18 kataong mga estudyante na kasalukuyang kumukuha nang kurso para maging guro ng CEPT ay bumisita sa lunsod ng Iwaki noong buwan ng Mayo 20 hanggang 22. Bilang programa para sa mga estudyante, ang Iwaki International Association ay naglunsad ng study tour para mapag-alaman kung papaano ang pamamaraan at kaalaman ng mga Hapon para pangalagaan ang kalikasan at kapaligiran. Sa Clean-pia no le ay nakinig sila sa mga turo tungkol sa pangangalaga ng mga gamit na inirerecycle, sa Iwaki Ra.Ra.Myu ay pumasal sila para makita ang mga nakadisplay na mga gamit o bagay ng naganap na sakuna. At sa lunsod ng Iwaki ay bumisita sila sa lugar ng Usuiso at Toyoma kung saan sinalanta ng tidal wave at ininspeksyon nila ang kalagayan kung papaano nakabangon ito.



▲ 「Iwaki・Ra・Ra・Myu」
Kuha ng mga estudyante

Aizu-Wakamatsu International Association 20th Anniversary

Noong July 9 Aizu-Wakamatsu International Association ay ipinagdiwang ng 20th Anniversary sa auditorium ng Aizu University. Halos 400 katao ang nagsidalo, ang alpinist na si Mr. Noguchi Ken ay nag lecture at panel discussion, at ang nakag-usapan ay ang kaimportantehan ng pakikipagpalitan ng kultura sa ibang bansa at ang koneksyon ng Aizu sa ng buong mundo.



▲ Kuha sa panel discussion

JET Program ang bagong mga dayuhan assistant language teacher ay dumating

Ang bagong mga assistant language teacher na lunsad ng Jet Program ay dumating sa Fukushima umpisa Hunyo hanggang



▲ Kuha ng dumating ang mga kabataan ng JET

Agosto na may 47 katao. Ang 47 kabataan ay nakatalagang mag trabaho bilang assistant language teacher sa elementarya, sa junior high school at high school sa prepektura ng Fukushima. At may posibilidad na makipagpalitan ng kaalaman ng kultura ng ibang bansa o kaya naman ay ang pagkakaunawaang pambanyaga residente ng Fukushima.

Wika para sa impormasyon ng pamumumbalik portal site 「Fukushima Restoration Station」

Isa sa mga wave site na nasa administrasyon ng prepektura ng Fukushima ay ang 「Fukushima Restoration Station」 dito ay inilalathala ang kalagayan ng prepektura ng fukushima o kaya ay ang kaligtasan ng mga pagkain, ang kalagayan ng radioaktib at ibapa sa siyam na wika (9) (Hapon, Ingles, Intsik, Koreyano, wikang Aleman, wikang Pranses, wikang Italiano, Espanyol, At Portugese) ay puwedeng basahin. O kaya naman, kung tungkol sa kalagayan ng restoration ay sa 「Fukushima Restoration No Ayumi」 ay may mga image at data na mas madaling maintindihang paliwanag sa nakasulat sa apat (4) na wika (Hapon, Ingles, Intsik at Koreyano).

Fukushima Restoration Station URL <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal/>



Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

- Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hanggang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon
- Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※ Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher

Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City,
Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org

URL : <http://www.worldvillage.org>

